

SCRIPT NG VIDEO PARA SA PAGLABAS NG DATA SA MULING PAG-DISTRITO

PANIMULA

((JAMES))

Kumusta, ako si James Whitehorne, pinuno ng tanggapan ng data sa muling pag-distrito at mga karapatan sa pagboto sa Kawanihan ng Senso ng U.S.

((NICHOLAS))

Ako ni Nicholas Jones, nakatataas na tagapayo sa pananaliksik at pakikipag-ugnayan sa lahi/etnisidad sa Kawanihan ng Senso ng U.S.

((JAMES))

At nandito kami para sagutin ang ilan sa mga pinakakaraniwang tanong tungkol sa susunod na paglabas ng data sa senso para sa taong 2020.

((NICHOLAS))

Ginagamit ang data na ito para sa muling pag-distrito.

ANO ANG MULING PAG-DISTRITO?

((NICHOLAS))

Ang muling pag-distrito ay ang proseso kung saan ang 50 estado, ang District of Columbia, at Puerto Rico ay muling guguhit ng mga hangganan ng mga distrito ng kongreso, distrito ng estado, panlehislaturang distrito, at marami pang ibang uri ng mga distrito. Gumagamit ang karamihan nito ng data ng senso para gawin ito.

ANONG MGA ESTADISTIKA ANG KABILANG SA DATA SA MULING PAG-DISTRITO?

((JAMES))

Nagbibigay ang data sa muling pag-distrito ng mga bilang ng populasyon, pati ng mga demograpikong katangian ng etnisidad, lahi, at edad sa pagboto sa lahat ng antas ng heograpiya hanggang sa antas ng mga block o pangkat ng mga kabahayan. Bagaman ang pangunahing layunin ng data na ito ay para muling iguhit ng mga estado ang kanilang mga distrito, ipinapakita rin ng mga istatistikang ito kung ilang tao ang nakatira sa bawat county, sa bawat lungsod, at sa bawat block. Magagamit din natin ang mga pambansa at lokal na estadistika mula sa unang senso para sa taong 2020 tungkol sa mga bagay tulad ng populasyon ng mga may edad na maaaring bumoto, lahi, Hispanic na pinagmulan, kung okupado o bakante ba ang mga bahay, at kung ilang tao ang nakatira sa mga panggrupong tirahan. Magbibigay ang impormasyong ito ng mas detalyadong larawan ng demograpiya ng ng populasyon ng ating bansa para sa lahat ng komunidad sa buong Estados Unidos.

KAILAN NINYO ILALABAS ANG MGA RESULTA?

((NICHOLAS))

Upang maibigay ang mga kritikal na data na ito sa lahat ng 50 estado, District of Columbia, at Puerto Rico sa lalong madaling panahon, ilalabas namin ang data sa dalawang yugto. Pareho ang data. Magkaiba lang ang mga format.

Ang unang paglabas ay mangyayari sa Agosto. Ibibigay namin ang data sa tinatawag namin na “legacy format” – ang pamamaraang ginagamit namin sa loob ng ilang dekada. Para ito sa mga may karanasang user ng data na pamilyar na sa paggamit ng malalaking set ng data. Ipo-post namin ang malalaking file na ito sa aming FTP site. Dapat gumana ang format na iyon para sa karamihan ng estado para masimulan ang kanilang mga pagsisikap sa muling pag-distrito at para sa ibang user ng data na pamilyar sa paggamit ng mga database para gawin itong mas madali para sa iba pa. Magkakaroon din kami ng mga karagdagang materyales para tulungan kayong makuha ang mga pinakamahalagang bahagi para sa bansa at inyong estado.

At pagdating ng Setyembre – ilalabas namin ang mga eksaktong data mismo ... pero sa format na lubos na mas madaling gamitin ng user na pamilyar na sa mga tao at magbibigay-daan para sa mas madaling paghahanap. Opisyal kaming magpapadala ng data sa muling pag-distrito sa pamamagitan ng mga DVD at flash drive sa mga opisyal ng estado... na may mga toolkit at software na makakatulong sa kanila na madaling tingnan at makuha ang data na kailangan nila. Gayundin, magiging available ang data sa data.census.gov... ang aming search engine para sa data na magagamit ng publiko.

BAKIT KAILANGAN NG KAWANIHAN NG SENSO NG MATAGAL NA PANAHON PARA MAILABAS ANG IMPORMASYON SA MULING PAG-DISTRITO?

((JAMES))

Kailangan namin ng panahon para masigurong tama ito. Ipinapakita ng senso para sa taong 2020 na lumaki ang populasyon ng ating bansa sa mahigit 330 milyong tao simula noong senso para sa taong 2010. Dahil sa dami at pagkakumplikado ng data na kailangan naming ibigay ... kailangan namin ng panahon para kalkulahan, suriin, at itala ang impormasyon ...para mailabas ito ilang buwan pagkatapos ng mga pagbilang ng pagbabahagi....na nagsasaad *lang* kung ilang tao ang nakatira sa bansa sa kabuuan at kung ilang tao ang nakatira sa bawat estado. Bukod sa pagproseso sa mga numero, kailangan din naming protektahan ang impormasyon ng bawat isa at tiyaking hindi makikilala ang mga indibidwal. Magkakaroon kami ng mas detalyadong estadistika ng demograpiya mula sa senso para sa taong 2020 pagkatapos ilabas ang data sa muling pag-distrito.